7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Quarter 2
Aralin
3

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 2: Aralin 3**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Vincent R. Feliciano (Central Luzon State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong paraan ng pagmamahal sa mga kasapi ng pamilya bilang tanda ng pagiging mapagmahal. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagmahal sa pamamagitan ng palagiang paglingap sa kalagayan ng mga kasapi ng pamilya.<br>a. Nakakikilala sa pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan.<br>b. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan ay pundasyon ng lipunan na humuhubog sa pagkatao, mabubuting gawi, at pakikipagkapuwa tungo sa makabuluhang buhay.<br>c. Naisasakilos ang wastong paraan ng pagmamahal sa mga kasapi ng pamilya. |
| **C. Nilalaman** | • Ang Pamilya Bilang Likas na Institusyon ng Pagmamahalan at Pundasyon ng Lipunan<br>• Ang Gampanin ng Pamilya Sa Paghubog ng Pagkatao, Mabubuting Gawi, at Pakikipagkapwa.<br>• Mga Paraan ng Pagpapakita ng Pagmamahal sa Kasapi ng Pamilya<br>• Mga Hamon at Paraan sa Pagpapanatili ng Ugnayang Pamilya sa Makabagong Panahon |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmahal *(Loving)* |
| **E. Integrasyon** | Positibong Paggamit ng Midya at Teknolohiya Upang Mapayabong ang Ugnayang Pamilya |


| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Benokraitis, N. V. (2015). *Marriages & families: Changes, choices, and constraints* (8th Edition). Upper Saddle River, New Jersey: Pearson.<br>Gordon, S. (2023, Feb. 8). What Are the Five Love Languages? Verywellmind.com. https://www.verywellmind.com/can-the-five-love-languages-help-your-relationship-4783538<br>Lozada, D. (2015, January 11. #PopeFrancisPH: 4 challenges facing Filipino families. Rappler. https://www.rappler.com/nation/80148-pope-francis-filipino-family/<br>Siason, A. (2023). Bata, Bata Paano Ka Ginawa [Lesson activity]. West Visayas State University<br>Siason, A. (2023). *My Family Web*: Hibla ng Pagmamahal [Lesson activity]. West Visayas State University<br>Siason, A. (2023). Simbolo ng Pagmamahal [Lesson activity]. West Visayas State University<br>Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng AralingPanlipunan, EdukasyonsaPagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.<br>Wright, M. (2013, Feb. 15.) Applying the 'Love Languages' to the Parent-Child Relationship. Goodtherapy.org. https://www.goodtherapy.org/blog/love-languages-parent-child-relationship-0215135<br>Sanggunian ng mga larawan:<br>Brgx (w.p.). Free vector tree sticker on white background [Online image]. Freepik.com. https://shorturl.at/axHY0<br>Ramos, A. (w.p.). halloween spider net line style icon Free Vector [Online image]. Veecteezy.com. https://www.vecteezy.com/vector-art/2599124-halloween-spider-net-line-style-icon<br>Smith, G. (2022). 6 Free Printable Blank Face Templates [PDF templates]. Justfamilyfun.com. https://justfamilyfun.com/wp-content/uploads/2022/03/face-templates.pdf<br>Suryaman, M (w.p.). Clay pot Vector isolated Free Vector [Online image]. Veecteezy.com. https://www.vecteezy.com/vector-art/14433844-clay-pot-vector-isolated |
|---|---|

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**TANONG-TUGON**: Humanap ng kapareha at ibigay ang tugon sa sumusunod na tanong: | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga gawain na |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><th>Tanong</th><th>Tugon 1</th><th>Tugon 2</th></tr>
<tr><td>1. Ano ang aking pangunahing tungkulin sa pamilya?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Paano ko ito naisasagawa?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Bakit mahalaga na nagagampanan ko ang aking tungkulin?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Lagda ng mag-aaral:</td><td>Lagda ng mag-aaral:<br>________</td><td>Lagda ng kamag-aral:<br>________</td></tr>
</table>
</td>
<td>naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
Mukha ng Pandama: Ang Aking Pamilya<br>
Gamit ang krayola, iguhit ang mga mukha ng mga kasapi ng iyong pamilya sa isang malinis na papel. Ang tanging “criteria” sa pagguhit ay ang pagiging kumpleto ng mga bahagi nito (mata, tenga, ilong, bibig, balat/pisngi)<br>
<br>
Pagbabahaginan<br>
Humanap ng kapareha. Ipakita at pag-usapan ang iginuhit na mukha gamit ang mga gabay na tanong:<br>
1. Anong mga tunog o salita ang gustong-gusto mong naririnig mula sa iyong pamilya? (tenga)<br>
2. Anong mga amoy ang gustong-gusto mong nalalanghap sa iyong tahanan? (ilong)<br>
3. Anong mga salita ang paborito mong sambitin sa loob ng inyong tahanan na nagpapahiwatig ng iyong pagmamahal sa iyong pamilya? (bibig)<br>
4. Anong klase ng ugnayan ang nais mong makita sa iyong pamilya? (mata)<br>
5. Paano mo pinaparamdam/Paano sa’yo ipinaparamdam ang pagmamahal sa loob ng iyong pamilya? (balat)<br>
Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin
</td>
<td>Mukha ng Pandama: Ang Aking Pamilya<br>Pagkatapos ng pagbabahaginan, maaaring magtawag ang guro ng ilang mag-aaral na gustong magbahagi sa buong klase.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Hanapin sa kahon ang mga salitang tinutukoy ng sumusunod. Isulat ito sa patlang.<br>
_________________1. Isang lipunan o samahan na itinatag para sa isang relihiyon, pang-edukasyon, panlipunan, o mga katulad na layunin.<br>
_________________2. Maaari itong tumukoy sa isang matibay na bagay na umaalalay para hindi mawasak ang kabuoan ng isang bagay, gusali, bahay, at iba pa.<br>
_________________3. Maliit na pangkat sa lipunan na nagsisilbing unang tanggapan sa pagbibigay suporta, gabay, at pagmamahal sa isang indibidwal.
<table>
<tr><td>L</td><td>G</td><td>U</td><td>P</td><td>P</td><td>W</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>R</td><td>W</td></tr>
<tr><td>A</td><td>S</td><td>H</td><td>I</td><td>A</td><td>B</td><td>E</td><td>G</td><td>U</td><td>G</td><td>D</td></tr>
<tr><td>B</td><td>W</td><td>K</td><td>U</td><td>M</td><td>O</td><td>T</td><td>L</td><td>U</td><td>M</td><td>E</td></tr>
<tr><td>I</td><td>N</td><td>S</td><td>T</td><td>I</td><td>T</td><td>U</td><td>S</td><td>Y</td><td>O</td><td>N</td></tr>
<tr><td>M</td><td>R</td><td>O</td><td>R</td><td>L</td><td>L</td><td>E</td><td>S</td><td>U</td><td>I</td><td>B</td></tr>
<tr><td>I</td><td>T</td><td>N</td><td>S</td><td>Y</td><td>R</td><td>T</td><td>K</td><td>L</td><td>E</td><td>R</td></tr>
<tr><td>P</td><td>U</td><td>N</td><td>D</td><td>A</td><td>S</td><td>Y</td><td>O</td><td>N</td><td>Z</td><td>V</td></tr>
<tr><td>O</td><td>B</td><td>M</td><td>A</td><td>S</td><td>E</td><td>Q</td><td>W</td><td>G</td><td>I</td><td>L</td></tr>
</table>
</td>
<td>
Sagot:<br>
1. Institusyon<br>
2. Pundasyon<br>
3. Pamilya
</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
Kaugnay na Paksa 1: Ang Pamilya Bilang Likas na Institusyon ng Pagmamahalan at Pundasyon ng Lipunan<br>
I. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Basahin ang teksto tungkol sa konsepto ng pamilya. Sa pisara gawan ng Venn diagram ang mga natukoy na kahulugan ng tradisyonal at modernong pamilya. Maaari ring magdagdag ng kasagutan mula sa natutuhan sa Aralin 1.<br>
Tradisyonal o Moderno: Pamilya Noon at Ngayon<br>
Ayon kay Pierangelo Alejo (2004), ang pamilya ang pangunahing institusyon sa lipunan na nabuo sa pamamagitan ng pagpapakasal ng isang lalaki at babae dahil sa kanilang walang pag-iimbot, puro, at romantikong pagmamahal - kapuwa nangakong magsasama hanggang sa wakas ng kanilang buhay, magtutulungan sa pag-aaruga at pagtataguyod ng
</td>
<td>
Tradisyonal o Moderno: Pamilya Noon at Ngayon<br>
Ang mga mag-aaral ay maaari ring magbigay ng sagot na mula sa kanilang karanasan o naobserbahan.
</td>
</tr>
</table>

edukasyon ng kanilang mga magiging anak. Ayon pa rin sa kaniya, ang pamilya ay isang kongkretong pagpapahayag ng positibong aspekto ng pagmamahal sa kapuwa sa pamamagitan ng kawanggawa, kabutihang loob, at paggalang o pagsunod. Sa makabagong panahon, ang tradisyonal na kahulugan ng pamilya ay pinupuna sa kadahilanang ito raw ay makitid at limitado. Ayon kay Benokraitis (2015), ang modernong pamilya, lalo sa mga mauunlad na pamayanan, ay umiiral sa iba't ibang kaanyuan, kasama na rito ang pamilyang may iisang magulang (s*ingle-parent family*), pamilyang kinakapatid (*foster family*), magkaparehong kasarian (*same-sex couple*), pamilyang walang anak (*childfree family*), at marami pang anyo na lumilihis sa tradisyonal na nakasanayan. Karaniwang katangian ng mga nabanggit na anyo ng pamilya ay dedikasyon, pag-aalaga, at pagiging malapit sa isa't isa, kasama na rito ang pagmamahal – na siya na ngayong lalong nagbibigay ng kahulugan sa salitang pamilya.




**Mga tanong para sa talakayan:**

1. Ano ang pagkakaiba ng moderno at tradisyonal na kahulugan ng pamilya ayon sa tekstong binasa?
2. Ano ang katangian na magkapareho sa dalawang uri ng pamilya? Ano ang magkaiba?
3. Sa aling kahulugan ng pamilya mo mas naihahambing ang iyong pamilya? Ipaliwanag ang sagot.

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

Sinasabing ang pamilya ay may misyon na bantayan, ipakita, at ipadama ang pagmamahal. Ito ay itinatag bilang malapit na komunidad ng buhay at

| | | |
|---|---|---|
| | pagmamahal. Sa usapin naman bilang pundasyon ng lipunan, nakasalalay ang kapangyarihan ng pamilya sa ugnayang mayroon sa loob nito.<br>***My Family Web*: Hibla ng Pagmamahal** (Siason, 2023)<br>Ang sapot (*spider web*) ay isang maganda at komplikadong estruktura na simbolo ng lakas at pagkakaisa. Binubuo ito ng napakaraming mga hibla, na pinagdugtong upang bumuo ng isang matibay at magkakaugnay na kabuoan. Sa parehong paraan, ang isang pamilya ay binubuo ng mga indibidwal na konektado sa pamamagitan ng matibay na bigkis ng pagmamahal at katapatan. Ang sapot ng gagamba ay isang angkop na metapora para sa pagbubuklod ng pamilya dahil pareho itong matibay at maselan. Ito ay sapat na malakas upang makayanan kahit na ang pinakamalakas na hangin, ngunit ito rin ay sapat na maselan upang madaling mabali kung ang isa sa mga hibla ay maputol. Sa parehong paraan, ang samahan ng pamilya ay sapat na matibay upang makayanan ang mga hamon ng buhay, ngunit ito rin ay maselan at kailangang alagaan upang manatiling matatag. Ang *spider web* ay isang makapangyarihang simbolo para sa matibay na pagkakaisa ng isang pamilya. Ito ay isang paalala na kapag tayo ay nagkakaisa, tayo ay mas malakas kaysa sa anomang maaaring dumating sa atin.<br>**Gawain 5: My Family Web: Hibla ng Pagmamahal**<br>**Pamilya Bilang Pundasyon ng Isang Matatag at Maunlad na Lipunan**<br>Isipin ang lipunan bilang isang malawak na sapot ng gagamba, na ang bawat pamilya ay iisang hibla. Kapag ang isang *strand* ay humina o nasira, maaari itong magkaroon ng *ripple effect* sa buong *web*. Sa parehong paraan, ang mga relasyon sa pamilya ay maaaring magkaroon ng malalim na epekto sa lipunan sa kabuoan. Ang nagmamahalan at nagkakaisang pamilya ay mga bloke ng pagbuo ng isang matatag na lipunan. Binibigyan nila ang kanilang mga miyembro ng pagmamahal, suporta, at patnubay na kailangan nila upang umunlad. Kapag matatag ang mga pamilya, mas malamang na magtagumpay ang mga bata sa paaralan, magkaroon ng malusog na relasyon, at mag-ambag sa kanilang mga komunidad. | ***My Family Web***<br>Kung hindi sapat ang heksagono sa *template,* maaaring gumupit ng hugis heksagono ang mga mag-aaral para sa kasapi ng pamilya na kanilang idadagdag at idikit ito sa *web*.<br><br>**Mga posibleng sagot para sa ikatlong tanong:**<br>• Ang lahat ng mga hibla ng *web* ay magkakaugnay. Ito ay kumakatawan sa pagkakaugnay ng mga miyembro ng pamilya. Kung ang isang hibla ay nasira, maaari nitong pahinain ang buong *web*. Sa parehong paraan, mas matatag ang isang pamilya kapag ang lahat ng miyembro nito ay nagkakaisa at nagtutulungan.<br>• Ang *web* ay nilikha ng gagamba sa pamamagitan ng sarili nitong pagsusumikap at dedikasyon. Katulad nito, ang isang pamilya ay binuo ng mga |

| | | |
|---|---|---|
| | Gayonpaman, kapag ang mga pamilya ay nahihirapan, maaari itong magkaroon ng negatibong epekto sa lipunan. Ang mga bata mula sa magulong pamilya ay mas malamang na huminto sa pag-aaral, gumawa ng mga krimen, at makaranas ng iba't ibang problema sa kalusugan at panlipunan. Ito ay maaaring humantong sa isang ikot ng kahirapan at kawalan na maaaring mahirap sugpuin. Narito ang ilang partikular na halimbawa kung paano makakaapekto ang mga relasyon sa pamilya sa lipunan:<br>• Ang pamilya ay nagbibigay sa mga bata ng kanilang una at pinakamahalagang huwaran. Natututo ang mga bata tungkol sa mga pagpapahalaga, relasyon, at kung paano kumilos sa mundo mula sa kanilang mga magulang at iba pang miyembro ng pamilya. Kapag ang mga relasyon sa pamilya ay matatag, ang mga bata ay mas malamang na magkaroon ng mga positibong pagpapahalaga at bumuo ng malusog na mga mekanismo sa pagharap sa mga hamon ng buhay.<br>• Ang pamilya ay nagbibigay ng emosyonal at praktikal na suporta para sa kanilang mga miyembro. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng tulong pinansiyal, tulong sa pangangalaga sa mga anak at matatanda, at suporta sa panahon ng krisis. Kapag naibigay ng mga pamilya ang suportang ito, makakatulong ito sa mga indibidwal at komunidad na umunlad.<br>• Tumutulong ang pamilya na ayusin ang seksuwal na aktibidad at pagpaparami. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga anak tungkol sa pakikipagtalik at pagpipigil sa pagbubuntis, o sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa mga nagdadalang-tao at nag-aalaga na mga kabataan. Kapag nagawa ng mga pamilya ang tungkuling ito, makakatulong ito na bawasan ang mga *rate* ng pagbubuntis ng mga kabataan at mga impeksiyon na nakukuha sa pakikipagtalik.<br>Kung paanong mas malakas ang *spider web* kapag buo ang lahat ng hibla nito, mas malakas ang lipunan kapag malusog at nagtutulungan ang lahat ng pamilya dito. Kapag ang mga pamilya ay nahihirapan, maaari itong magkaroon ng negatibong epekto sa komunidad sa kabuoan. Kaya naman napakahalagang mamuhunan sa mga programa at serbisyong sumusuporta | miyembro nito sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal at suporta sa isa't isa.<br>• Ang *web* ay *flexible* at *adaptable*. Sinasalamin nito ang kakayahan ng mga pamilya na umangkop sa pagbabago at pagtagumpayan ang mga hamon.<br>**Pamilya Bilang Pundasyon ng Isang Matatag at Maunlad na Lipunan**<br>Ang guro ay huhugot din ng mga ideya mula sa mag-aaral kung paano nakakatulong ang mga pamilya sa pag-unlad ng lipunan. |

sa mga pamilya. Mahalaga rin na tandaan na ang mga relasyon sa pamilya ay kumplikado at magkakaiba. Walang *one-size-fits-all* na pamamaraan sa buhay pamilya. Ang pinakamahalaga ay ang maibigay ng mga pamilya sa kanilang mga miyembro ang pagmamahal, suporta, at patnubay na kailangan nila para umunlad. Kapag matatag ang pamilya, matatag din ang lipunan.

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6: Paglalapat at Pag-uugnay ng mga Natutuhan sa Aralin**

**Gawain 6:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Maaaring gawin ito na takdang aralin kung kakapusin sa oras.

**IKALAWANG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Ang Gampanin ng Pamilya sa Paghubog ng Pagkatao, Mabubuting Gawi, at Pakikipagkapuwa**

**I. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Bata, Bata, Paano Ka Hinulma!** (Siason, 2023

Sa mga kamay ng magpapalayok, ang isang bukol ng luwad ay nagbabago at nagiging isang sisidlan ng kagandahan at layunin. Ang mga dalubhasang daliri ng magpapalayok ay hinuhubog ang luwad. Sa bawat banayad na haplos, ang magpapalayok ay humihinga ng buhay sa luwad upang mahulma ito ng naaayon sa layunin (*purpose*) nito.

Tanunging ang mga mag-aaral: *Paano maihahalintulad ang paghubog ng palayok sa pagpapalaki at pag-aaruga ng anak?* Pagkatapos, ipasulat sa maliit na piraso ng papel kung paano sila hinuhubog sa kanilang tahanan upang maging mabuti at produktibong tao. Bago ilagay sa loob ng palayok ang kasagutan, ipabahagi sa klase.



**Bata, Bata, Paano Ka Hinulma!**

Sa gawaing ito, ang guro ay magdadala ng isang luwad na palayok at maghanda ng malilit na piraso ng papel.

**Hinulma sa Pag-aaruga at Pagmamahal**

Ang paghubog ng isang palayok ng luwad ay maihahambing sa pagpapalaki ng mga bata sa maraming paraan. Ang luwad ay maaaring kumakatawan sa potensiyal ng bata. Kung paanong ang luwad ay maaaring hubugin sa anomang hugis o anyo, ang mga bata ay may potensiyal na maging anomang bagay na kanilang iniisip. Ang magpapalayok ay kumakatawan sa

| | | |
|---|---|---|
| | magulang. Ang magpapalayok ang siyang naghuhubog ng luwad upang maging isang palayok. Katulad nito, ang magulang ang siyang tumutulong sa bata na paunlarin ang kanilang sarili at maabot ang kanilang buong potensiyal. Ang proseso ng paghubog ng luwad ay kumakatawan sa proseso ng pagpapalaki ng isang bata. Nangangailangan ng oras, pasensiya, at pangangalaga upang mahubog ang isang palayok ng luwad na maganda at gumaganang piraso. Sa katulad na paraan, nangangailangan ng panahon, pasensiya, at pangangalaga ang isang bata upang lumaki na may mabuting kalooban at kapaki-pakinabang na buhay. Ang luwad ay isang pinong materyal na madaling masira. Ang paghulma nito ay nangangailangan ng pasensiya at pangangalaga. Katulad nito, ang mga bata ay mahina at kailangang alagaan nang may pag-iingat at atensiyon. Parehong nangangailangan ng pagkamalikhain at imahinasyon. Kapag naghuhulma ng luwad, maaari kang lumikha ng anomang hugis o anyo na gusto mo. Katulad nito, kapag nagpapalaki ng mga anak, tinutulungan mo silang bumuo ng kanilang sariling natatanging personalidad, talento, at pagpapahalaga. Parehong nangangailangan ng pagpayag na magkamali. Maaaring mahirap gamitin ang luwad, at karaniwan nang magkamali. Sa katulad na paraan, ang pagiging magulang ay isang mahirap na gawain, at natural na magkamali sa daan. Parehong nangangailangan ng komitment sa paglago at pag-unlad. Ang luwad ay kailangang sunugin sa hurno upang maging matigas at matibay. Katulad nito, ang mga bata ay kailangang alagaan at suportahan upang lumaki at umunlad sa malusog at maayos na pamamaraan. Kung paanong ang isang bihasang magpapalayok ay maaaring lumikha ng isang obra maestra mula sa isang bukol ng luwad, ang isang mapagmahal na magulang ay maaaring makatulong sa kanilang anak na maging isang matagumpay at mahusay na buong indibidwal.<br><br>**II**. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Gawain 7: Puno ng Pagmamahal!<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Malaki ang gampanin ng pamilya sa paghubog ng pagkatao, mabubuting gawi, at pakikipagkapuwa ng miyembro nito. Dahil sa pamilya unang umuusbong ang pagkatao ng anak, mahalaga ang mabubuti at kaaya-ayang halimbawa ng mga nakatatanda upang magsilbing gabay ng anak hanggang sa mga kakaharaping desisyon sa hinaharap.<br>**Mga tanong para sa talakayan:**<br>1. Anong mabubuting gawi o katangian ang iyong nahubog sa tulong at gabay ng iyong pamilya?<br>2. Paano ang mga ito nakatulong/makakatulong sa<br>a. pag-unlad mo bilang tao?<br>b. sa iyong pakikipag-ugnayan sa kapwa?<br>c. sa pag-unlad ng lipunan?<br>3. Anong mahalagang reyalisasyon ang iyong nabuo sa gawaing ito?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Mga Paraan ng Pagpapakita ng Pagmamahal sa Kasapi ng Pamilya**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Wika ng Pagmamahal**<br>Ayon kay Gary Chapman, may limang (5) pamamaraan ng pagpapakita ng pagmamahal. Tinawag niya itong *5 Love Languages*. | **Gawain 7:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |
| | *Love Language* — Deskripsiyon at Halimbawa<br>Mga Salita ng Pagpapatibay (*Words of Affirmation*) — Ang "mga salita ng pagpapatibay" ay tungkol sa pagpapahayag ng pagmamahal sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga salita, papuri, o pagpapahalaga sa kasapi ng pamilya. Kapag ito ang pangunahing wika ng pag-ibig ng isang tao, nasisiyahan sila sa mabubuting salita at pampatibay-loob, nakapagpapasiglang mga kasabihan (*quote*), mensahe ng pag-ibig, at nakatutuwang mga *text message*. Nararamdaman nila ang pagmamahal sa pamamagitan ng pagpupuri sa kanila o pagsabi kung ano ang mahusay nilang ginagawa. | **Wika ng Pagmamahal**<br>May mga maiikling video clips tungkol sa *5 Love Languages* na maaaring ipakita sa mga mag-aaral sa link na ito: https://5lovelanguages.com/learn<br><br>**Simbolo ng Pagmamahal** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Kalidad na Oras (Quality Time)</td><td>Ang isang taong may ganitong wika ng pag-ibig ay nagnanais ng lubos na atensiyon. Pakiramdam nila ay mahal sila kung naroroon ang ibang kasapi at nakatutok sa kanilang pangangailangan. Nangangahulugan ito na kapag kasama sila, ibababa ang cell phone, patayin ang computer, makipag-eye contact, at aktibong making sa kanila.</td></tr>
<tr><td>Pisikal na Pagpaparamdam (Physical Touch)</td><td>Ang isang taong may pisikal na pagpaparamdam bilang kanilang pangunahing wika ng pag-ibig ay nakadarama ng pag-ibig sa pamamagitan ng pisikal na pagmamahal. Nararamdaman nilang mahal sila sa pamamagitan ng paghawak sa kanilang kamay, pagyakap, paghalik, paghaplos sa likod, o binibigyan sila ng masahe sa pagtatapos ng nakakapagod na araw.</td></tr>
<tr><td>Mga Gawa ng Serbisyo (Acts of Service)</td><td>Ang mga gawa ng paglilingkod ay magagandang bagay na ginagawa mo para sa iba na nagpapadama sa kanila na minamahal at pinahahalagahan mo sila, gaya ng pagtulong sa gawaing bahay ng mga anak o pagtulong ng mga magulang sa paghahanap ng mga materyales na kakailanganin ng anak sa eskuwela. Kung ang pangunahing wika ng pag-ibig ng kasapi ay mga gawa ng paglilingkod, mapapansin at pahahalagahan nila ang maliliit na bagay na ginagawa mo para sa kanila. May posibilidad din na isinasagawa rin nila ang paglilingkod at kabaitan sa iba.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Maaaring hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng isang pormat sa mas malikhaing pamamaraan maliban sa paggamit ng tsart. Imungkahi ang paggamit ng iba't ibang grapikong pantulong.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Pagtanggap ng mga Regalo (*Receiving Gifts*)</td><td>Para sa isang taong gumagamit at tumutugon sa wikang ito ng pag-ibig, ang pagbibigay ng regalo ay nagpapahiwatig ng pagmamahal. Pinahahalagahan nila hindi lamang ang regalo mismo kundi pati na rin ang oras at pagsisikap na inilaan ng nagbigay ng regalo. Ang mga taong nasisiyahan sa pagtanggap ng mga regalo bilang bahagi ng kanilang pangunahing wika ng pag-ibig ay hindi kinakailangang umasam ng malaki o mamahaling regalo; mas mahalaga ang pagsisikap at pag-alaala sa likod ng regalo.</td></tr></table><br>**Mga tanong para sa talakayan:**<br>1. Sa inyong tahanan, ano ang wika ng pagmamahal ang ginagamit ng bawat kasapi?<br>2. Alin sa mga wika ng pagmamahal ang madalas mo/ninyong ginagamit? Ipaliwanag ang sagot.<br>3. Alin naman ang madalang gamitin o hindi ginagamit? Bakit?<br>4. Paano pinapayabong ng iba-ibang pamamaraan ng pagpapikita ng pagmamahal ang inyong samahan sa loob at labas ng tahanan?<br>5. Bakit mahalagang mapayabong ang ibat ibang uri ng pagpapakita ng pagmamahal?<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Simbolo ng Pagmamahal** (Siason, 2023)<br>**Gawain 9: Simbolo ng Pagmamahal**<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 10: Pamilya Ko, Mahal Ko**<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 4: Mga Hamon at Paraan sa Pagpapanatili ng Ugnayang Pamilya sa Makabagong Panahon**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Mga Pangunahing Hamon at Banta sa Pamilyang Pilipino** | **Gawain 9:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Gawain 10:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon sa dalawang Arsobispo na sila Antonio Luis Cardinal Tagle, at Socrates B. Villegas, apat na pangunahing hamon ang kinakaharap ng pamilyang Pilipino sa kasalukuyan. Una sa listahan ang **paghihiwalay ng pamilya dahil sa migrasyon.** Nagkakahiwalay ang mga mag-asawa hindi dahil wala na ang pagmamahal nila sa isa't isa kundi dahil sa pangangailangang pinansiyal na ang tanging makatutugon ay ang pagkakaroon ng trabaho sa ibang bansa. Pangalawa ay ang **kahirapan.** Sinasabi sa isang pag-aaral ng OCTA Research (2023) na 13.2 milyong pamilya o kalahati ng pamilyang Pilipino ang nagsasabing sila ay mahirap. Ayon kay Tagle, kahirapan, higit sa lahat ang nakaaapekto sa pamilyang Pilipino. Ikatlo, ang **diborsyo, mga iregular na relasyon** katulad ng pakikipag-*live-in,* magkahiwalay na magulang, at iba pang uri ng relasyon. Ayon naman sa Obispong si Jesus Varela, *Bishop-Emeritus* ng *Diocese of Sorsogon,* isa pang banta sa pamilya ang **negatibong impluwensiya ng *mass media***. Halimbawa nito ang mga palabas na nagpapakita ng mga bagay na taliwas sa turo ng simbahan tulad ng seks at karahasan. Isa rin sa nabanggit ang **materyalismo.** Prayoridad at nagiging katayuang panlipunan *(social status)* na ngayon ang pagkakaroon ng materyal na yaman at tagumpay. Tinukoy din sa isang pag-aaral na hindi ligtas ang pamilyang Pilipino sa mga hamong panlipunan na dulot ng nagbabagong panahon. Isinulat ni Gozum (2020) na nag-ugat ang mga hamong ito sa mga epekto ng modernisasyon tulad ng **kahirapan, antroposentrismo** (paniniwalang ang tao ang sentro at natatanging nilalang na mahalaga sa mundo), **at iba pang salik para makapagpalit ng pamamaraan ng pamumuhay.** Sa mga nabanggit na hamon at banta sa pamilya, sinasabing malaki ang gampanin ng magulang. Ang pagiging mabuting ehemplo at responsableng magulang ay mabuting binibigyang-diin at pansin sa lahat ng oras. Bukod dito, walang hamon ang hindi malalagpasan ng walang kondisyon na pagmamahal, pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos, at pagpapakita ng pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya. **Tanong para sa talakayan:** | |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Alin sa mga hamon o banta sa pamilya ang sa tingin mo ay pinakamadaling harapin? Bakit?<br>2. Alin sa mga hamon o banta sa pamilya ang sa tingin mo ay pinakamahirap malagpasan? Bakit?<br>3. Kung mayroon kang idadagdag sa mga banta at hamon na nabanggit, ano ang mga iyon?<br>4. Ano ang mga pagbabagong naidudulot ng mga banta at hamon na inyong nabasa sa buhay at samahan ng mga kasapi ng pamilya?<br>5. Bakit mahalagang malaman at matugunan ang mga banta at hamon na ito?<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 11: Pagtugon sa mga Hamon na Kinakaharap ng Pamilya**<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 12: I-Google Mo!** | **Gawain 11:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Gawain 12:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**I-*Google* Mo!**<br>Maaari itong gawin na takdang aralin sa ikatlong araw at ibabahagi sa klase sa ikaapat na araw. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Kumpletuhin ang Pangungusap**<br>Gawing kumpleto ang sumusunod na pangungusap upang makabuo ng pangkalahatang kaalaman tungkol sa aralin.<br>1. Ang pinakamahalagang elementong nagtatakda kung ano ang pamilya ay______________________________.<br>2. Mahalagang maunawaan ang gampanin ng pamilya sa paghubog ng pagkatao at pakikipagkapuwa dahil ____________________.<br>3. Naisakikilos ko ang paraan ng pagmamahal ko sa aking pamilya sa pamamagitan ng ____________________________.<br>4. Nakakatulong ang mga pamilya sa pag-unlad ng lipunan sa pamamagitan ng ____________________________.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Bintana ng Pagkatuto**<br>Base sa araling tinalakay, sagutin ang sumusunod.<br>***Ano ang iyong...*** | Mga inaasahang sagot:<br>1. pagmamahal<br>2. dito nagsisimula ang paghubog ng pagkatao tungo sa maunlad na lipunan<br>3. iba't ibang wika ng pagmamahal<br>4. paghubog sa mga kasapi nito na maging mabuti at produktibong mamamayan |

<table>
<tr><td></td><td>
<table>
<tr><td>NADAMA<br>______________________________</td><td>NAMASDAN<br>______________________________</td></tr>
<tr><td>NAPAGNILAYAN<br>______________________________</td><td>NAIPAPLANO<br>______________________________</td></tr>
</table>
</td><td></td></tr>
<tr><td>E. Pagtataya</td><td>Pagtataya (Maikling Pagsusulit)<br>Punan ang patlang ng tamang salita/mga salita ayon sa napag-aralan upang maging buo ito.
<table>
<tr><td>2 puntos</td><td>Ayon kay Benokraitis, ang dalawang anyo ng pamilya ay ___________________ at ___________________.</td></tr>
<tr><td>2 puntos</td><td>Ang pamilya ay maituturing na likas na institusyon ng _______________ at pundasyon ng ___________________.</td></tr>
<tr><td>5 puntos</td><td>Ang mga pagpapahalagang natutuhan ko sa aralin ay:<br>______________, ______________, ______________,<br>______________, at ______________.</td></tr>
</table>
Para sa 10 puntos, gawin ang sumusunod.<br>Pumili ng isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa pamilya. Ipaliwanag kung bakit ito napili at kung paano ito naisasakatuparan.</td><td>Mga Posibleng Sagot:<br>1. tradisyonal at moderno<br>2. pagmamahalan; lipunan<br>3. pagmamahal, pakikipagkapuwa-tao, positibong paggamit ng midya/teknolohiya, mabubuting gawi</td></tr>
<tr><td>F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>
<table>
<tr><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | |
| **G. Pagninilay** | *GabaysaPagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang nagging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapatituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anonggampanin ng mga mag-aaralsaaralin?*<br><br>*Ano at paanonatuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>PagtanawsaInaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sasusunod?* | | | |